**SAMPLE**, sanggunian lamang ang pahinang ito.

EDD Employment Development Department
State of California

**Petsa ng Abiso: 00/00/0000**

**Pangalan ng Claimant**
**Address ng Claimant**
**Lungsod, CA ZIP Code**

## ABISO NG KINAKAILANGAN UPANG MAGPAREHISTRO PARA SA TRABAHO

Matagumpay mong naisampa ang isang Unemployment Insurance (UI) claim. Upang matiyak na kwalipikado kang tumanggap ng mga benepisyo ng UI, dapat magparehistro ka para sa trabaho gamit ang CalJOBS(SM), ang online labor exchange system ng California.

**Mahalaga: Ang hindi pagrehistro at pag-update ng iyong resume sa CalJOBS ay maaaring makaapekto sa pagiging kwalipikado mong tumanggap ng mga benepisyo ng UI.**

Upang masunod ang kinakailangang ito, kumpletuhin lang iyong pagpaparehistro sa CalJOBS at magdagdag ng resume sa iyong profile nang hindi lalagpas sa 21 araw mula sa petsa ng abisong ito. Kung may CalJOBS account ka na, kakailanganin mong i-update ang iyong impormasyon sa pagpaparehistro at kasaysayan sa trabaho. Ang pagpaparehistro at paggawa ng resume sa tamang oras sa CalJOBS ay titiyak na kwalipikado kang tumanggap ng mga benepisyo ng UI.

Kung hindi ka pa nakagamit dati ng CalJOBS, sinimulan ng EDD ang isang rekord ng pre-registration para sa iyo. Upang kumpletuhin ang proseso, mag-log in sa CalJOBS (caljobs.ca.gov). Ang pre-registration mo ay ang iyong buong apelyido, unang letra ng iyong pangalan, at ang huling apat na digit ng iyong Social Security number (SSN). Ang iyong password ay ang dalawang digit ng araw at dalawang digit ng buwang ipinanganak ka, at ang huling apat na digit ng iyong SSN.

**HALIMBAWA:** Para sa taong Jane Smith ang pangalan, ipinanganak noong Hulyo 4, at ang huling apat ng SSN ay 1234:

| | |
|---|---|
| **Username:** | Smithj1234 |
| **Password:** | 04071234 |

Mangyaring tandaan na gamitin ang sarili mong impormasyon kapag magla-log in ka sa CalJOBS. Kapag naka-log in ka na sa unang beses gamit ang iyong impormasyon sa pre-registration, may mababasa ka na magsasabing palitan mo ang iyong pansamantalang password. Kung hindi ka maka-log in, kailangan mo ng tulong, o wala kang access sa internet, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na America's Job Center of California(SM) (AJCC). Ang bawat AJCC ay may available na tauhan para tulungan ka sa paghahanap ng trabaho at sa kinakailangang pagsasanay.

Ang address at numero ng telepono ng iyong lokal na AJCC ay:

**Ang iyong lokal na America's Job Center of California**
**0000 Main St.**
**City, CA ZIP Code**
**000-00-0000**

Sa CalJOBS, maaari kang gumawa ng de-kalidad na resume na makikita ng mga nakarehistrong employer. Maaari ka ring tumingin at mag-aplay sa malawak na iba't ibang bakanteng trabaho sa buong California. Maaari mong itakda ang isang “Virtual Recruiter” sa Mga Serbisyo sa Naghahanap ng Trabaho na seksiyon para awtomatikong ipaalam sa iyo sa email kung may bagong mga trabaho na tumutugma sa iyong mga kasanayan at tunguhin.

Ang EDD, isang pantay na oportunidad na employer/programa, ay katuwang ng publikasyong ito. Ang mga pansuportang tulong at serbisyo ay magagamit kapag hiniling ng mga indibidwal na may mga kapansanan. Ang mga hiling para sa serbisyo, tulong, at/o alternatibong format ay kailangang gawin sa pamamagitan ng pagtawag sa numero sa itaas (voice) o sa TTY 1-800-815-9387.